This VIS translation is out of date. When you give your patient this translation, also give them the up-to-date English version of it.
To get both, and to find out what was updated, go to www.immunize.org/vis

IMM 663ML

BAKUNA LABAN SA HEPATITIS B

ANG DAPAT NINYONG MALAMAN

1 Bakit kailangang magpabakuna?

Ang hepatitis B ay isang mapanganib na sakit.
Ang hepatitis B virus (HBV) ay maaaring maging sanhi ng panandaliang (matinding) karamdaman na humahantong sa:

- pagkawala ng ganang kumain
- pagkapagod
- pananakit sa mga kalamnan, kasukasuan, at tiyan
- pagtatae at pagsusuka
- jaundice (paninilaw ng balat o mga mata)

Maaari ring itong maging sanhi ng pangmatagalang (talamak na) karamdaman na humahantong sa:

- pinsala sa atay (cirrhosis)
- kanser sa atay
- kamatayan

Mga 1.25 na milyong tao sa Estados Unidos ang may talamak na impeksiyon ng HBV.

Taun-taon tinatantiya na:

- 80,000 tao, karamihan ay mga kabataan, ang nahahawa ng HBV
- Higit sa 11,000 tao ang kailangang tumigil sa ospital dahilan sa hepatitis B
- 4,000 hanggang 5,000 tao ang namamatay sa talamak na hepatitis B

Ang bakuna laban sa hepatitis B ay nakakapigil sa hepatitis B. Ito ang unang bakuna laban sa kanser dahil napipigilan nito ang isang anyo ng kanser sa atay.

2 Paano kumakalat ang hepatitis B virus?

Ang hepatitis B virus ay kumakalat sa pamamagitan ng pagsagi sa dugo at mga likido ng katawan ng isang nahawang tao. Ang isang tao ay maaaring mahawa sa maraming paraan, tulad ng:

- pakikipagtalik sa isang taong nahawa
- paggamit ng mga karayom na ginamit ng iba sa pag-iniksiyon ng mga bawal na gamot
- kung matundo ng karayom na ginamit sa iba habang nasa trabaho
- sa pagsilang kapag ipinasa ng nahawang ina ang virus sa kanyang sanggol

Mga 1/3 ng mga taong nahawa ng hepatitis B sa Estados Unidos ay hindi alam kung paano nila nakuha ito.

3 Sino ang dapat tumanggap ng bakuna laban sa hepatitis B at kailan?

1) Sinumang 18 taong gulang at mas bata
2) Mga higit sa 18 taong gulang na nasa panganib

Kabilang sa mga may sapat na gulang na nasa panganib mahawa ng HBV ang:

- mga taong may higit sa isang katalik sa loob ng 6 na buwan
- mga lalaking nakikipagtalik sa ibang lalaki
- pakikipag-ugnayang seksuwal sa mga nahawang tao
- mga taong nag-iiniksiyon ng mga bawal na gamot
- mga manggagawang nagkakaloob ng pangangalagang pangkalusugan at pampublikong kaligtasan na maaaring nahantad sa nahawang dugo o mga likido ng katawan
- mga pagsagi sa mga kasambahay na may talamak na impeksiyon ng HBV
- mga pasyente ng hemodialysis

Kung hindi ka nakatitiyak kung ikaw ay nasa panganib, magtanong sa iyong doktor o nars.

✔ **Ang mga tao ay dapat tumanggap ng 3 dosis ng bakuna laban sa hepatitis B alinsunod sa sumusunod na iskedyul.** *Kung hindi ka nakakuha ng isang dosis o nahuli sa iskedyul, kumuha ng susunod na dosis sa oras na magagawa mo. Hindi kailangang magsimulang muli.*

Iskedyul ng Bakuna laban sa Hepatitis B		SINO?		
		Sanggol na ang ina ay may impeksiyon ng HBV	Sanggol na ang ina ay *walang* impeksiyon ng HBV	Mas matandang anak, o may sapat na gulang
KAILAN?	Unang Dosis	Sa loob ng 12 oras pagkaraang isilang	Pagkasilang – 2 buwan ang edad	Kahit kailan
	Ikalawang Dosis	1-2 buwan ang edad	1 – 4 buwan ang edad (hindi kukulangin sa 1 buwan pagkatapos ng unang dosis)	1- 2 buwan pagkatapos ng unang dosis
	Ikatlong Dosis	6 na buwan ang edad	6 - 18 buwan ang edad	4 - 6 na buwan pagkatapos ng unang dosis

- Ang ikalawang dosis ay dapat ibigay nang hindi kukulangin sa 1 buwan pagkatapos ng unang dosis.
- Ang ikatlong dosis ay dapat ibigay nang hindi kukulangin sa 2 buwan pagkatapos ng ikalawang dosis at hindi kukulangin sa 4 na buwan pagkatapos ng una.
- Ang ikatlong dosis ay *hindi* dapat ibigay sa mga sanggol na wala pang 6 na buwan ang edad, dahil ito ay makakabawas ng pangmatagalang proteksiyon.

Ang mga adolesenteng 11 hanggang 15 taong gulang ay maaaring mangailangan ng dalawa lamang dosis ng bakuna laban sa hepatitis B, may pagitang 4-6 na buwan. Magtanong sa iyong tapagagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan para sa mga detalye.

Ang bakuna laban sa hepatitis B ay maaaring ibigay na kasabay ng ibang mga bakuna.

4 May mga taong hindi dapat tumanggap ng bakuna laban sa hepatitis B o dapat maghintay

Ang mga tao ay hindi dapat tumanggap ng bakuna laban sa hepatitis B kung nanganib na ang kanilang buhay sa reaksiyong alerhiya sa **pampaalsa ng panadero (baker's yeast)** (ang uring ginagamit sa paggawa ng tinapay) o sa **naunang dosis ng bakuna laban sa hepatitis B.**

Ang mga taong may kainaman o malubhang karamdaman sa oras na nakatakda ang iniksiyon ay karaniwang dapat maghintay hanggang gumaling sila bago tumanggap ng bakuna laban sa hepatitis B.

Magtanong sa inyong doktor o nars para sa karagdagang impormasyon.

5 Ano ang mga panganib sa bakuna laban sa hepatitis B?

Ang bakuna, tulad ng anumang gamot, ay maaaring maging sanhi ng malulubhang problema, tulad ng malubhang reaksiyong alerhiya. Ang panganib na ang bakuna laban sa hepatitis B ay maging sanhi ng malubhang pinsala, o kamatayan, ay labis na maliit.

Mas malaki ang kaligtasan sa pagtanggap ng bakuna laban sa hepatitis B kaysa sa pagkakaroon ng sakit na hepatitis B.

Karamihan sa mga taong tumatanggap ng bakuna laban sa hepatitis B ay hindi nagkakaroon ng problema rito.

Mga banayad na problema

- pananakit sa lugar na ibinigay ang iniksiyon, tumatagal ng isa o dalawang araw (hanggang 1 mula sa 11 bata at adolesente, mga 1 mula sa 4 na may sapat na gulang)
- banayad hanggang kainamang lagnat (hanggang 1 mula sa 14 na bata at adolesente at 1 mula sa 100 may sapat na gulang)

Malulubhang problema

- malubhang reaksiyong alerhiya (bihirang-bihira)

6 Paano kung may kainaman o malubhang reaksiyon?

Ano ang dapat kong hanapin?

Anumang di-karaniwang kondisyon, tulad ng malubhang reaksiyong alerhiya, mataas na lagnat o di-karaniwang kilos. Ang malulubhang reaksiyong alerhiya ay bihirang-bihira sa anumang bakuna. Kung mayroon mang mangyari, ito ay sa loob ng ilang minuto hanggang ilang oras pagkatapos ng iniksiyon. Kabilang sa mga palatandaan ang paghihirap huminga, pamamaos o paghuni, pamamantal, pamumutla, panghihina, mabilis na tibok ng puso o pagkahilo.

Ano ang dapat kong gawin?

- Tumawag ng doktor o dalhin kaagad ang tao sa doktor.
- Sabihin sa doktor kung ano ang nangyari, ang petsa at oras na nangyari ito, at kung kailan ibinigay ang bakuna.
- Sabihin sa iyong doktor, nars o kagawaran ng kalusugan na magharap ng form ng Sistema sa Pag-uulat ng Masamang Pangyayari sa Bakuna (Vaccine Adverse Event Reporting System, VAERS) o kayo mismo ang tumawag sa VAERS sa **1-800-822-7967.**

7 Ang Pambansang Programa sa Pagbabayad ng Pinsala ng Bakuna (National Vaccine Injury Compensation Program)

Sa bihirang pagkakataon na ikaw o ang iyong anak ay nagkaroon ng malubhang reaksiyon sa isang bakuna, isang pederal na programa ang nilikha upang matulungan kayong bayaran ang pangangalaga ng mga napinsala.

Para sa detalye tungkol sa Pambansang Programa sa Pagbabayad ng Pinsala ng Bakuna (National Vaccine Injury Compensation Program), tumawag sa **1-800-338-2382** o bisitahin ang website ng programa sa **http://www.hrsa.gov/bhpr/vicp**

8 Paano ako makakakuha ng iba pang kaalaman?

- Magtanong sa iyong doktor o nars. Sila ay makakapagbigay sa iyo ng inilalakip na pakete ukol sa bakuna o makakapagmungkahi ng ibang mga mapagkukunan ng impormasyon.
- Tawagan ang programa sa imyunisasyon ng inyong lokal o pang-estadong kagawaran ng kalusugan.
- Kontakin ang Mga Sentro sa Pagkontrol at Pagpigil ng Sakit (Centers for Disease Control and Prevention, CDC):
  - **Call 1-800-232-4636 (1-800-CDC-INFO)**
  - Bisitahin ang website ng Pambansang Programa sa Imyunisasyon (National Immunization Program) sa **http://www.cdc.gov/nip** o ang website ng Dibisyon ng Virus na Hepatitis (Division of Viral Hepatitis) ng CDC sa **http://www.cdc.gov/hepatitis**

U.S. DEPARTMENT OF HEALTH & HUMAN SERVICES
Centers for Disease Control and Prevention
National Immunization Program

Vaccine Information Statement
Hepatitis B (7/11/01) IMM 663ML - Tagalog 42 U.S.C. § 300aa-26
Translated by Transcend Translations, Davis, CA
http://www.transcend.net